

Ang Mahal na Birhen ng Mga Bagyo

Kristian Sendon Cordero

I.

SA PAGLALARO KO unang natutunan ang ibig sabihin ng parusa. Hindi ang mga parusang bahagi ng pagkatalo, halimbawa ang pingutin ang tenga o ang magsisigaw ng *siato* hanggang sa maubos ang boses mo o ang maging taya mismo. Taya ka dahil kailangang mong ipusta ang lakas at bilis sa paghahabol sa ibang kalaro o usisain at magpasya kung sino sa mga kababata ang nasa langit o impiyerno o ang kailangang saksakin ang puso, at tumulo ang dugo, sa pamamagitan lamang ng isang pagsaling. Taya ka dahil ang mga paglalarong iyon ay parang sugal. Ngunit may mga larong walang kailangang taya ngunit may mariing pagbabawal, may signos na nakalambong. May nagbabadyang mga parusa. May parusa dahil bawal ang mga nasabing laro ayon na rin sa mga nakatatanda sa amin. May nagbabadyang panganib na nababasa ang mga gurang sa tuwing may mga gagawin kaming ganoong mga laro.

Halimbawa kapag nagsipaglabasan ang mga “kadang-kadang” nangangahulugang itong may pagbabahang mangyayari dahil na rin sa gumagamit ng magkaparis na kawayan ang nasabing laro. Tumatayo ang bawat kalahok at nag-uunahan habang nakasakay sila sa kadang-kadang. Nang mauso ang trumpo sinabing may mangyayaring malakas na paglindol at pagsabog ng bulkan dahil hinahambalos daw namin ang lupa ng matulis na pako sa trumpo. Kapag saranggola naman ang pinalipad, nagbabadya

daw ito ng ipu-ipo o kaya'y sakit na maaaring makuha sa hangin at alikabok.

Hindi lamang ang mga signos ng sakuna ang binabasa sa mga laro ng bata. Bawal din ang maglaro kapag nagsimula na ang pag-awit ng tuko sa puno ng kaymito dahil ito na ang oras ng mga tawong-lipod, ang mga nilalang na hindi namin nakikita na may kapangyarihang magdulot ng sakit sa sinumang gagambala sa kanilang espasyo na espasyo rin ng mga mortal. Bawal ding maglaro sa may malapit na ilog dahil may nangunguhang kapwabata rito na nalunod o ginamit daw ang dugo upang ihalo sa sementong ginamit sa tulay na pinatayo pa noong panahon ng mga Kastila. Kamanghamanghang kapangyarihan ng alaala sapagkat marami tayong hindi alam o wala sa ating gunita *noong panahon ng mga Kastila* ngunit naririto pa rin ang mga kuwentong katatakutan na katulad nito. Nakakamangha rin kung paanong laging may pugot na ulo ng paring pinatay noong panahon ng Hapon, o ginahasang babae ngunit walang mga Amerikanong nagmumulto sa amin. Sa deskripsyon ng prayleng si Melendreras, ang mga tawong lipod ay mapuputi kaya't hindi nakikita.

Lumaki akong maraming bawal bago ko pa matutunan ang unang dasal. Maraming bawal dahil maraming nakapaligid na mga matatanda dahil tatlo kaming pamilyang sabay-sabay na nanirahan sa matandang bahay ni Nanay, ang lola ko sa ina.

Nasa Grade 1 ako noon nang ipinagbawal at ipinahinto na sa akin ng mga gurang ang paglalaro ng trumpo dahil ito nga raw ang dahilan ng madalas na paglilindol at kung hindi kami titigil ay maaaring sumabog ang mga bulkan. Nagagalit kasi ang lupa sa tuwing tatamaan ito ng matalim na pako. Gaganti raw ang lupa kapag hindi ko tinigilan ang mga paghampas ng trumpo. Wala akong pamato sa ganoong panakot.

At may punto nga naman ang mga matatanda, hinahampas ko ang lupa, sa parehong paraan na dumudura sila sa lupa ng kanilang pulang laway mula sa pag-nganganga. Abono daw ang pulang laway na iyon para agad at malusog na tumubo ang mga butong nakatanim sa ilalim. Gamot din ang likidong mula sa kanilang bibig para sa mga ginawa kong mga sugat sa lupa. Hindi nila ako sinagot nang tinanong ko kung sinusugatan din ba ng isa naming kapitbahay ang lupa kapag inaarado niya ito. Hindi raw laro ang pagbubungkal ng lupa. Trabaho raw ito at hindi laro.

Sa kabila ng mga pagbabawal na ito ng mga matatanda, nanaig pa rin ang halina ng paglalaro ng trumpo. Ang trumpo ang mundo. Naaalala ko

kung paano ko pinagmamasdan ang pag-ikut-ikot nito sa lupa, ang talim ng pakong pumapailalim, at kung paano ko ito sinisidok at pinapaikot sa aking mga kamay nang hindi nasusugatan. Ay! Ang tahimik na paghinog ng trumpo hanggang sa ang kahoy ay maging isang ganap na kagandahan, pinung-pino. Ganoon daw kabilis ang pag-ikot at pag-inog ng mundo sabi ng Science teacher namin. Tinanggap ko ang kaniyang paliwanag kahit hindi naman kami nahihilo sa ganoong kabilis na pag-ikot. Kinalaunan ko na lamang siguro sinabi at tinanggap sa sarili na hindi ko naman kailangang tanggapin at paniwalaan ang lahat ng sagot at itanong ang lahat ng tanong. Mananahan na lamang siguro ako sa pagkamangha katulad ng una kong paglalaro ng trumpo.

Hindi lamang trumpo ang may kaakibat na sumpa. Maging ang mga sunod pang mga laro kung saan nakibagay na rin ako sa iba pang mga kababata ay may nakaabang ding mga banta. Katulad ng bahay-bahayan na madalas din naming laruing magkakapatid at magpipinsan. Sa umpisa hinayaan lamang kami subalit nang mapansin ng mga gurang na nagkakapalit-palitan na kami ng kumot, may nawawala nang mga punda at kubyertos dahil ginagamit namin ang mga ito, muling nagbanta ang mga gurang. Ang sabi uli ng mga matatanda, itigil na ang ganitong laro dahil malalaki na raw kami at kailangan pang maghanda para sa eskwelahan na maliban sa pag-aaral ay magiging sityo rin ng marami pang paglalaro. Ngunit ang talagang nakakatakot o ipinangtakot, ng mga gurang sa palibot namin: ‘Pumundo na kamo ta ‘baad magbagyo!’ (Itigil na ninyo ‘yan dahil baka bumagyo!) Bumabagyo raw sa tuwing naglalaro ng bahay-bahayan ang mga bata.

Napakaraming kuwentong nagkakabuhol-buhol ang bumubuo sa alaala ko sa tuwing sasagi ang mga paglalaro namin ng bawal na bahay-bahayan. Lalo na kung paano namin noon binabago ang mundo, ang mga bagay sa mundo, sa panahon man ito ng bagyo o sa kawalang-bagyo.

Sapin-saping panahong katulad ng mga kakulay na sapin-saping kumot na dinala ng aking pinsan at ginamit naming bubong para sa aming laro. Kakulay ng mga bahaghari ang mga kumot na simbolo na hindi na muling magugunaw ang mundo sa pamamagitan ng tubig. At dahil sumusunod ang kabataan o ang alaala sa panahon ng kabataan sa batas ng tubig, ang lahat ay nagiging maaari, isang imbakan ng posibilidad ng mga pagturing, pagsasabuhay, pagsasa-akto katulad kung paano ang mga unan

ay naging mesa at upuan, ang tasa na naging kawali, at higit sa lahat ang mga katawang nagiging lahat: tumatayong tatay, nanay, kapatid, pinsan, pari, katulong, kumpare. Mga katawan na handa pang maging kahit ano sa paglalaro, sa anong pagsanib at pagsisibasib matugunan lamang ang mga sariling kaligayahan na maaaring nanggagaling din sa ligayang ibinibigay ng aming pagsuway sa mga gurang.

Sa paglalaro ng bahay-bahayan, gumawa kaming magpipinsan ng mga bahay sa loob ng bahay. Natuwa kami sa mga bagong natuklasan tungkol sa limitadong buhay ng pag-aasawa at pagpapamilya. Halimbawa, dahil kailangang kumain ng pamilya, kailangan ang pagluluto at dahil bawal ang maglaro ng apoy, kinukuntento na namin ang aming mga sarili sa mga pinaghalo-halong tsit-tsirya na inilagay sa Tupperware kung saan “niluluto” namin ito sa pamamagitan ng pagtatakip lamang nito. Parang pagbuburo ng talangka ang ganoong pagluluto, ang paboritong putahe ng tatay kong Kapampangan. Hindi lahat ay pinapadaan sa apoy, hindi lahat ay nilalaga, dahil maaaring lutuin din ang ilang karne at laman sa asin o suka at matiyagang paghihintay. Katulad ng tatay na palagiang nagbuburo ng talangka.

Naaalala ko kung paano niya pinipili at inihihawalay ang mga babaeng talangka sa mga lalaking talangka. Titingnan niya lamang ang likod nito at malalaman niya kung babae o lalaki ang mga ito. Mas mataba, ibig sabihin, maaligi, ang babaeng talangka kung kaya ito ang higit na mainam na buruhin. Minsan may sinasabi siyang mga alanganing talangka. Alanganin daw ang lasa nito.

Pagkatapos na ilagay sa garapon ang mga buhay pang talangka bubuhusan niya na ito ng isang dakot na asin at saka tatakpan. Kinakailangang walang hangin na makapasok para ganap na mangyari ang nais na luto. Sa loob ng garapon, sabayang mamamatay ang mga babaeng talangka sa kawalan ng hangin at bagsik ng asin. Ang asin ang magluluto sa mga talangka na kapag kinain na ng Tatay ay kinakailangan naming lumayo sa kaniya samantalang sarap-sarap naman siya: alaala ng dila, ito ang probinsya ng sidhi at gunita. Iisa-isahin niya ang pagbubukas ng talangka, parang maliliit itong fortune cookies na kinakailangan niyang mabasa ang kapalarang nakapaloob. Kulay manilaw-nilaw na dalandan ang taba ng talangka, parang keso, parang lasang itlog daw ito o kaya’y caviar na hinahalo niya sa milagrosang kanin.

Sa pagbuburo ni Tatay natutunan ko kung paano maaaring kainin ang mga putaheng di dinilaan ng apoy. Hindi lahat kinakailangang purgahin sa init para makain. Kaya ito rin ang ginawa kong suhestiyon para gawin ang pagluluto sa aming paglalaro ng bahay-bahayan, ang paghalu-haluin ang mga biniling tsit-tsirya sa loob ng isang malaking Tupperware at takpan ito. Sa halip na isahang pagkain sa mga ito, natuto kaming patagalin ang pag-ubos nito para patuloy kaming maglaro. May tumayong controller siyempre at sila ang mga tumatayong magulang. Masaya ang unang karanasan ng ganitong sistema, nalalasan mo ang lahat ng tsit-tsirya at may panibagong mga lasang natutuklasan ang aming mga dila. Bigas ang korniks at ulam naman ang Baltik, Ober da Bakod (isang sikat na TV program na pinagbibidahan nina Don Robert at Aling Lukring), Aiza (ipinangalan kay Aiza Seguerra), Eat Bulaga at kung anu-anupang mabibili sa tindahan ni Manay Ibik. Nang tumayo akong pari, kinakailangan kong magpabili ng Marie para gawing ostiya at ang Coke bilang alak. Siyempre, dahil ako ang pari, ako lang naman ang umiinom ng sagradong likido.

Katulad ng isang pamilya, dumating din ang mga away at tampuhan sa pagitan naming mga manlalaro ng bahay-bahayan. Nagsuntukan ang isa kong pinsan at ang aking bunsong kapatid dahil kinailangan nilang patunayan sa isa't isa na hindi na sila parehong umihi sa banig. Sinundan pa ito ng pagtatalo ng tumatayong mga magulang namin. Ang isyu, dahil may bagsak na subjects ang tumatayong tatay na pinsan ko at nagbanta ang tumatayong nanay na anak ng kapitbahay namin na hindi niya raw sasabihin sa tatay ng pinsan ko, kung manlilibre ang pinsan ko ng Pop-C at turon pagkatapos ng aming bahay-bahayan. Napikon at nag-alsa balutan ang pinsan ko at naulila na ang mga tumayong magkakapatid: ang dalawang kambal na anak ng tiyo kong seaman at ang adopted ng tiya kong nag-asawa pa lang noon ng isang balo mula sa Ragay.

Umiyak ang bunso kong kapatid dahil napatunayan na siya ang umihi dahil sinabi naman ng kapatid kong babae. Hindi ko alam kung saan nagsimula ang mga ganoong usapan, basta ang natatandaan ko, unti-unting gumuho ang aming bahay-bahayan, napigtas ang bubong na kumot, nabasag ang tasa, natapon ang ilang pagkain, nawakwak pa nga ang unan at may nauntog sa mesa.

Ito yata 'yong huling pagsali ko sa bahay-bahayan kung saan ako na ang tumayong pari, na wala na rin akong role pagkatapos ng kasal,

pagkatapos kung tumulong sa paggawa ng bahay ay esta-puwera na ako. Hindi ko pa alam noon na maaari namang magbahay-bahay ang mga pari sa kaniyang parokyano. Ito rin, sa gunita ko, ang patunay sa banta ng mga matatanda tungkol sa pagdating ng bagyo na dumating sa amin isang araw, habang sa labas ng aming bahay, nanghahalina ang matandang mangga na itinanim daw ng isang sundalong Hapon. Tahimik na gumagalaw ang mga dahon, parang mga maliliit na along sumasayaw sa banayad na ihip ng hangin, o marahil dahil pinagagalaw ito ng mga multo at engkantong nakakulong dito. Walang tao sa lilim nito, tanging ang malagong anino ng mga dahon ang nakalatag sa lupang naghihilom na marahil sa mga ukang ginawa ng aking nawawalang trumpo.

II.

Dawat, Bikolnon na tataramon, salita para sa incest, na mariing ipinagbabawal sa sinaunang panahon ng mga Bikolnon, bago pa man dumating ang mga kolonyalista at ang kanilang Hudiyo-Kristiyanong diskurso ng moralidad. Pinaniniwalaan na kapag may nangyaring paginiig sa pagitan ng magkakapatid o ng magulang sa anak ay nagkakaroon ng mahabang panahon ng pag-ulan upang linisin ang pamayanan sa 'maraot na gibong' nangyari sa loob ng pamayanan. Ito ang paraan ng paglilinis ni Gugurang. Katulad ng kung paano nagkaroon ng delubyo sa panahon ni Noe ng lumang tipan. Pagbibinyag sa mundo sa kasalanan nito. Ito ang paglilinis ng tubig dahil lumapot na ang dugo. Pinaniniwalaan na malapot ang dugo ng mga taong bunga ng *dawat* kung kaya hindi rin ang mga ito nagtatagal, o kaya nama'y kung anu-anong karamdaman ang dumarapo sa kanila.

Mangyaring ito rin ang sumpa ng paglalaro ng bahay-bahayan kung saan maaaring tumayong mag-asawa ang dalawang kapatid, katulad ng dalawa kong pinsan. At bilang tumatayong mag-asawa, kinakailangan nilang gumawa ng sariling silid mula sa ginawa naming bahay-bahayan. Kinakailangan nilang gawin ang ilang bagay katulad ng ordinaryong pag-aasawa. Ito ang laro. At upang maipagpatuloy ang laro, kinakailangang may sumunod sa mga alintuntunin. Hanggang saan gagampanan ang paggagagad at paghuhuwad? Hanggang saan ang abot ng *lukso ng dugo*?

Marahil ito ang dahilan ng pagbabawal sa amin upang ipagpatuloy ang aming bahay-bahayan. O baka may mga laro pa kaming kailangang

matuklasan maliban sa mga pangagagaya sa mga matatanda.

Alam kong walang lohikal o sistematikong pagpapaliwanag sa mga sinasabi ng mga matatanda, ito ang mga pamahiin nilang tumatayo ring parabula, pabula o kaya'y ariwaga. Mahiwagang mga katagang kailangang pakinggan at sundin. May mga pagpapasubali subalit, may higit na puwersang namamayani, maaaring lukso ng dugo o ang di matawarang utang-na-loob. Namamatanda tayo sa mga sinasabi ng mga matatanda, katulad sa kung paano aksidenteng nakita ng kaniyang anak ang hubad na katawan ni Noe o katulad ni Handyong sa harapan ng ulo ng napatay niyang si Rabot.

Pagkatulala, ang sandaling muli tayong bumabalik sa pagkamanhid dahil labis-labis ang pagpapakita ng mundo katulad kung paano ko unang ganap na nasaksihan ang mundo pagkatapos ng bagyong Monang. Nakita ko kung paano naging isang malaking lawa ang palayan sa harapan namin.

May dalang kakaibang lamig ang panahon na kahit dalawang araw akong hindi naligo ay maputi pa rin ang mga paa ko. Hindi kami pinayagang maglaro noon sa labas ngunit nang matapos ang bagyo, agad naman kaming lumabas upang tingnan ang bakas ng pinsala na noon ay hindi ko iniintindi.

Nabuwal ang mga saging sa paligid, inaasahan na ang ganitong eksena dahil ang daming saging noon sa amin. Kusa itong tumutubo pagkatapos ng bagyo. Iba't ibang uri ng saging, ngunit pinakamarami ang saba. Mga bulig ng saging ang pumuno sa silid para sa bigas. Pinaghati-hatian ito ng mga matatanda at alam naming sa darating na mga araw ito ang magiging pagkain namin araw-gabi. Gusto ko ang *pinakro*, kung paano ginagataan ang mga manibalang na saging at nilalagyan ng *lukadon* (niyog). Naglalaway din ako sa sardinas na inilagagay sa mga saging na ito, may gata at ginagawang ulam. Maliban dito, inaasahan na sa mga susunod na araw pagkatapos ng bagyo ay bibilog na muli ang buwan, tiyak na matitipon kami sa harapan ng isang *alo* at *dudukdukan*, kung saan ginagawa ang *linubak*, saging o kaya kamoteng kahoy na nilalagyan ng margarina, asukal, at *lukadon* at hinahalu-halo ito sa loob ng *dudukdukan*. Pinipisa ang mga lamang-ugat at sa panahong ito, nagsisimulang magkuwento ang mga matatanda ng kung anu-ano, katulad ng kung paano natuklasan na maaaring kainin ng tao ang kamoteng kahoy noong panahon ng Hapon, dahil bago raw ang digmaan, pagkaing baboy lamang ang mga ito. Ang mga gerilya raw ang unang sumubok nito sa bukid.

Pagkatapos ng bagyo, putol din ang mga kawad ng kuryente, at dalawang linggo ang hihintayin bago maayos ito ng Casureco. Dito ako unang nagsulat ng mga berso sa isip, naghanap ng mga mababasa sa paligid ng gasera. Dito ko unang ipinakita ang aking madyik, ang pagtawid ng hintuturo sa gasera nang hindi napapaso.

Marami ang nangyayari pagkatapos ng bagyo. Parang buhay na buhay ang paligid kahit na halos walang kuryente sa loob ng isang buwan o mahigit pa. Bawi naman siyempre dahil nagiging malikhain din ang mga tao sa maraming paraan, maitawid lamang ang daloy ng bawat oras hanggang sa bumalik ang inaalalang kaayusan—kaayusang napapaloob sa tahimik na mata ng bagyo, sa lilim ng mga nakahilerang bulkan.

Maraming kuwento tungkol sa bagyo na kung pinag-uusapan ng mga matatanda hanggang sa ngayon ay parang mga totoong tao silang bumisita sa amin. *Sineng, Monang, Reming, Senyang*, mga pangalang lumilikha ng alaala sa pagkakataong masasambitan sila na parang litanya. Mga babae. Mga pangalang walang katawan. Ngayon na lamang nagkaroon ng mga pagbabago sa pagpapangalan sa mga bagyo, ngunit sa kabataan ko, dumating silang mga babae, na parang mga pangalang “amoy-lupa,” na parang mga babaeng nahuli at naiwan sa biyahe, mga matimtimang birheng ng santong paspasan!

Natatandaan ko ang mga kapitbahay namin na nakatira sa gitna ng palayan na laging inaanod o winawasak ng tubig-baha ang kanilang bahay. Kung kaya, inaasahan na sa tuwing babagyo ay lilikas sila patungo sa eskwelahan o kaya sa malaking bahay ng mga Fernandez. Pagkatapos ng bagyo, nagiging isang malaking lawa ang palayan kung kaya pamilyar na eksena sa akin ang mga balsa mula sa mga barani (katawan) ng nabuwal na saging na ginagawa ng mga kapitbahay namin. Tinutuhog nila ang mga ito at nagsisimulang magpalutang sa kulay tsokolateng lawa. Aabutin ng isang linggo bago humupa ang tubig. Kinukuha nila ang ilang mga gamit na inanod—ang maaaring pang mailigtas. Pagkatapos ay muli na naman nilang itatayo ang kanilang mga bahay sa gitna ng palayan. Likas sa kanilang lumikas tuwing bagyo. Likas sa kanilang bumalik sa kanilang tirahan pagkatapos ng unos.

Dahil hindi ako bihasang lumangoy, hindi ako pinayagan upang maglayag kasama ang iba pang mga bata na nagpapaligsahan sa kulay tsokolateng lawa gamit ang kanilang mga balsa. Kung anu-ano ang sinabi

sa akin upang madismaya at kumbinsihin na marumi ang tubig sa palayan, na maaari akong magkasakit sa balat—*buni, kurikong, balos*, litanya ng mga pananakot. Ngunit nagagawa ko pa ring lumusot at makipagsabayan sa paglalaro sa tubig. Gusto ko sanang sabihin sa mga gurang, na hindi ako maghihintay sa sunod pang bagyo, upang makaranas lamang ng balsang saging. Marami akong pangambang ganun na hindi ko magagawa ito dahil ang bilis-bilis ng takbo ng panahon at hindi ko lahat ito mapagsasabay-sabay.

Kung dyahe ang mga matatanda sa trumpo at bahay-bahayan, marami naman akong napupulot sa kanila sa mga panahon noon na natitipon kami sa isang de-bateryang radyo upang subaybayan ang balita sa paparating o papalabas na bagyo. Naaliw ako sa kung paanong tinukoy ng isa kong tiyo ang direksyon ng hangin tuwing bumabagyo. Pinakinggan ko ang mga kuwento ng mga gurang tungkol sa iba pang bagyong nagdaan, kung paano nila naalala ang mga muhon sa kanilang panahon, halimbawa ang malaking kahoy na binuwal ng bagyong Sineng, na sinabayan pa raw ng eklipse at konting lindol, ang pag-apaw ng mga lawa at kung paano nakuha ang isang mamahaling singsing sa loob ng isang tilapya matapos ang flash flood sa bayan ng Bato. Umapaw kasi ang lawa at nakarating ang baha sa pampublikong sementeryo. May mga tilapyang nakuha sa loob ng mga nitso.

III.

Nang mapalitan ang radyo sa bahay ng telebisyon, dumalang ang aming paglalaro sa labas. Dumating ang telebisyon at doon na nababad ang aming mga mata. Doon na nagsimula ang lehitimasyon ng reyalidad sa pamamagitan ng kung ano ang ipinapakita ng telebisyon at hindi na ng kung ano ang aming nakikita. May kakaibang kapangyarihang bumibighani mula sa loob ng telebisyon at dito rin higit kong nakita ang mundo at ang marami nitong anino. Isang bintana ang telebisyon, na sa tuwing may bagyo ay tila nagsasara rin dahil walang kuryente. Kaya tahimik lamang ang telebisyon sa salang may mga planggana at pitsel para sa tumutulong bubong. Habang patay ang telebisyon tila naghihikaos naman sa paghinga ang lumang radyong kulay itim at may anim na bateryang kasinglaki ng mga saging na saba. Ito ang nagdadala ng balita ng kalagayan ng panahon, kung anong signal at saan na ang direksyon ng bagyo.

Kulay pula ang case at black and white ang una naming telebisyon. Hanggang labing dalawa lamang ang mga bilang na kinakailangang pihitin upang makuha mo ang hinahangad na istasyon, hanggang sa maging colored ito, na may kasama nang remote, at pagdating ng cable system, umabot sa mahigit dalawampung channels na ang maaaring mapanood.

Kung noon, sa tuwing may paparating na bagyo, kailangang isilid ang antenang ginagamitan ng mataas na kawayan, nagbago ang lahat sa panahon ng cable system. Maliban sa antena, may isang biro, na una pa raw na isinisilid ng mga Bikolnon ang kanilang tanim na sili bago tingnan ang kalagayan ng kanilang mga bubong at dingding sa tuwing may parating na bagyo.

Sa pagdating ng telebisyon may malaking pangyayaring naganap sa aming mga buhay at sa loob ng bahay. Higit na naging madali ang pagkalap ng impormasyon at mga balita. Noon na rin nagsimulang dumalang ang aming paglalaro, lalo pa itong naging madalang nang bawat pamilya'y nagkaroon na rin ng sarili nilang mga telebisyon.

Ang telebisyon ang naging bagong ahensya ng lehitimasyon ng karanasan. Totoo ang nakikita sa telebisyon, totoo ang ipinapakita ng telebisyon. At sa akin, parang maliban sa mga pangkaraniwang sulat mula sa koreo, ang telebisyon ang naging paraan upang makibalita kami sa aming ina na nasa abroad. Nakakatakot na balita ang naaalala ko noon tungkol sa mga kinasapitan ng mga katulad ng nanay ko. Tumatak sa akin ang kuwento nina Flor Contemplacion at Delia Maga, na ginawa pang pelikula kinalaunan na pinanood naman namin dahil tagahanga ako ng kababayan kong si Nora Aunor mula't sapol pa. May karisma ang kanyang mata, tahimik ngunit laging nagbabadya, parang mata ng bagyo. Marami pang mga malulupit na kinasapitan ng mga domestic helpers ang lumabas sa telebisyon na tila kailangan din naming abangan ang magiging kapalaran ng aming ina sa dramang ipinapakita sa amin ng telebisyon.

Ngunit hindi lamang ito ang mga balitang ipinapakita sa telebisyon, maliban sa ganitong mga karimarimarim na kinasapitan ng marami sa ating mga kababayang nangibang-bayan, madalas ding lumabas ang isyu ng *dawat*, ang pangghasa ng ama sa sariling anak, kasama pa ang ibang kahindik-hindik na krimen kasabay ng pagpapakita ng Birheng Maria o ng mukha ni Kristo sa isang sahig sa Negros, isang puno ng akasya sa Candaba, at ang pagsayaw ng araw sa Agoo.

Sa telebisyon ko rin napansin noon na lumalabas lamang ang Bikol o nagiging sentro lamang ng mapang ipinapakita ni Ernie Baron, kung may paparating na bagyo, na para bagang pumapasok lamang ang Bikol sa kamalayan ng Filipinas kung mayroong parating na trahedya sa rehiyong ito. Kapag normal ang panahon, wala ang Bikol. Kung walang bagyo, o di sumabog ang Mayon o kaya’y may nangyaring trahedya sa Peñafrancia. Na madalas na pag-ugnayin din, katulad ng paniniwalang kapag may nakasakay na babae sa pagoda ng birhen ay may kamalasang darating sa Bikol, at madalas bagyo ito kung dumating, o kaya nama’y may kinalaman sa apoy, halimbawa ang pagsabog ng bulkan o kaya’y ang sunod-sunod na pagkasunog ng palengke sa Naga na may kinalaman pa rin sa poot ng sinasaulang birhen. Si *Ina*.

IV.

Laging kaugnay ng debosyon sa Mahal na Ina ang pagdating ng mga bagyo. Pamilyar na ang tunog ng Resuene Vibrante sa mga radyo at telebisyon na maririnig tuwing Setyembre, at may parating na bagyo o kung anumang pinapangambahang panganib o pananalanta na makakarating sa rehiyon ng mga oragon. May sinabi sa akin ang isang pari na maging ang ilang Katolikong sundalo sa kampo na sakop ng kaniyang parokya ay mga deboto rin ng Peñafrancia at maririnig na sumisipol ang mga kawal sa tuwing darating ang mga ito sakay sa kanilang mga trak na ginagamit sa paglusob sa ilang lugar na pinamumugaran pa rin di umano ng mga rebeldeng komunista.

Hindi Resuene Vibarante ang pamagat ng kanta sa Ina. Katulad ng Bayang Magiliw na madalas napagkakamalang pamagat ng pambansang awit ng bansa, ang Resuene Vibrante ang unang dalawang salita sa Himno de la Virgen de Peñafrancia, na naging opisyal na awit noong 1924 nang putungan ng korona ang imahen at kilalanin ng Santa Sede ang Birhen ng Peñafrancia bilang Patrona del Bicol, Gran Madre de Dios.

Sa buong selebrasyon, tampok ang *Traslacion* o ang paglilipat ng imahen ng birhen mula sa kanyang opisyal na tahanan ang Basilika Minore patungo sa katedral ng arsobispo ng Caceres at ang *Sakay*, ang prusisyon sa ilog ng Naga, kung saan muling ibinabalik ang imahen sa kaniyang lagakan. Ang paglilipat at pagbabalik ng imahen sa dalawang simbahan ay pinapangasiwaan ng simbahan at ng mga boyadores. Nitong mga nakaraang

taon, kinailangan na ng interbensyon ng militar upang panatilihin ang “kaayusan” sa dalawang prusisyong halos tumatagal ng ilang oras.

Sa pagdating ng Setyembre, may malawakang pakiramdam na nagbabagong bihis ang dating tahimik na lungsod ng Naga dahil ito ang buwan ng sagradong panahon. Panahon ito kung saan muling maglalakbay ang mga deboto patungo sa puso ng rehiyon. At dahil ito’y sagrado, hindi maiiwasang ito rin ang panahon kung saan nagkakaroon ng lehitimasyon ang iba’t ibang mobilisasyon ng katawan ng tao simula sa mga manunuod at sumasali sa mga beauty pageants, ang paligsahan sa pagmartsa sa military at civic parades na salungat naman sa kawalan ng kaayusan ng mga boyadores sa tuwing idadaos ang dalawang tampok na prusisyon at ilang mga pagbabasag-ulo sa mga rock concerts at iba pang street parties, o kahit ang unti-unting naluluma nang karnabal na dumudulog at tumutugon sa pangangailangan ng katawan na magpakasarap, mamahinga sa panahon ng piyesta.

Samantalang sa isang banda, ang kaluluwa naman ang tinatangiang linisin o idinudulog ng pagpapala mula sa birhen sa kabila ng mga panata at dasal na tumutukoy o nauwi pa rin sa pangangailangang katawan ng tao. Halimbawa, ang lunas sa karamdaman, ang pagkakaroon ng hanapbuhay sa ibang bansa, ang pumasa sa board exams at marami pang ibang mga himalang ipinaniniwala sa bisa ng birhen na katulad ng maraming baryasyon ng popular na debosyon sa ating mga Katolikong pamayanan ay nakasentro sa imahe: ang grabedad na humahatak sa mga mortal na katawan upang salatin, upang madama, makadantay na pinaniniwalaang magiging bukal ng mga biyaya o ang pagsasakatuparan ng isang panata na magsisilbing kondisyon sa pananatili o pagpapalaki ng inaakalang pagpapala mula sa langit.

Ang ganitong pamilyar na eksena ng pagsalat sa mga itinuturing na sagradong imahe ay makikita rin sa Nazareno sa Quiapo, na katulad ng Peñafrancia sa Naga ay kakikitaan ng kakaibang uri ng daloy, lakas at dahas, na kalimitang makikita sa nasabing mga pagtatanghal. Tatawagin kong pagtatanghal ang selebrasyon ng kapiyestahan, partikular ang dalawang pinakatampok na prusisyon dahil ito ay pagtatanghal sa kaakuhan o identidad na nais itaguyod ng mga Bikolnon na naniniwala sa pagpapala ng Peñafrancia na hindi na lamang isang imaheng nakasentro sa relihiyoso nitong kahulugan kundi isa na itong “cultural religious icon” na dinadala na

rin ng marami sa mga Katolikong Bikolnon saan mang sulok sila ng mundo. Nagkakaroon na rin ng mga fluvial processions ang mga Bikol communities sa Vancouver, Canada, San Francisco, US at Vienna, Austria o kahit sa mga malilit na parokya sa Bikol kung saan marami rin ang hindi nakakapunta ng Naga, kung kaya dinadala na lamang ang isang imahe ng Peñafrancia sa mga malalayong pook na ito, upang maging sila rin ay makapagpahayag ng kanilang kaisahan sa birhen, makapagtanghal ng kanilang identidad. Sa isang parokya sa amin, dahil wala namang malapit na ilog, napagpasyahan na gawin ang *sakay* sa irrigation, samantalang ang isa namang coastal parish ay ginawa ito sa dagat. Sa ganitong mga inobasyon ng ritwal, malinaw na ang lumalabas na elementong nagpapakagalaw sa simbolohikal na kahulugan ng pagtatanghal ay ang tubig, kung saan itinataguyod nito ang buhay ng tao at ang daloy ng pamayanan, anuman ang anyo ng tubig. Ang tubig ang dugo ng mundo.

Taong 1981-1982, nang nakawin at muling makabalik ang birhen sa Naga, sinasabing bumabagyo noon, ngunit nag-abang pa rin ang mga tao sa daan, at sa ganap na pagpasok niya sa lungsod, nagsimulang patugtugin ang kampana ng katedral para sa grand homecoming na iyon, at habang papasok na siya sa simbahan at laksa-laksang tao na ang nag-abang at inalintana ang sungit ng panahon, dahan-dahan diumanong tumila ang ulan, tumigil ang malakas na hangin at nagliwanag ang buong paligid. Ang mga ganitong partikular na engkuwentro ang lagi't laging inuulit-ulit sa mga salaysay tungkol sa Mahal na Birhen ng mga bagyo sa Bikol. Siyang aming *ina*, na tinatatanggap kaming maglaro ng aming kaniya-kaniyang bahay-bahayan, lumapot man ang dugo, lumabnaw man ang tubig, sa Naga pa rin ang tungo tuwing Setyembre, may bagyo ma't may rilim, upang sabayan ang ritwal ng kaniyang pagbabalik at sa loob ng siyam na araw na debosyon, muli't muling iniluluwal ang identidad na ito ng mga Bikolnong pinapanday ng mga ganitong pagdalaw ng mga bagyo't birhen.

Bata pa ako noon nang una kong masaksihan ang prusisyon sa ilog. Maaga pa lamang ay lumisan na kami sa aming bahay, upang maglakbay ng isang oras patungo sa Naga. Sakay kami ng inupahang dyip, kaming magkakamag-anak at ilan pang mga kinumbidang kapitbahay. Tamang-tama ang dating namin, nagsisimula pa lamang ang misa at may garahe pa kaming nakuha sa loob ng seminaryong malapit sa katedral. Mula sa katedral, kahit hindi pa naigagawad ang huling basbas ng pari ay nagsimula

na kaming bagtasin ang daan patungo sa malapit na tulay, sa may Colgante, kung saan nangyari ang malagim na trahedya noong 1972, ilang araw bago tuluyang ideklara ang Batas Militar. Ilang oras ang ginawa naming paghihintay sa pagdaan ng pagoda ni Ina. Habang naghihintay, nang-aakit naman ang mga kalembang ng mga sorbetero sa paligid habang sa isang booth ng Pepsi may napakalaking megaphone kung saan lumalabas ang mga dasal: ang mga misteryo ng santo rosaryo. May mga lobong napakawalan kung kaya't paminsan-minsan may umiiyak na bata at may nagmumurang matanda. May naglalako ng panyo, pamaypay at may mga naka-unipormeng nagroronda sa Colgante, samantalang nakahanda naman ang isang ambulansya. Matapos ang ilang oras na paghihintay sa ilalim ng araw ay nagsimula nang magsigawan ang mga tao na parang may parating na artista, parang dumalaw si Nora Aunor, paglalarawan ng isa kong tiya.

Inilabas ng mga taong naghihintay sa tulay ang kanilang mga puting panyo. Iwinagayway, parang akto ng pagsuko. Habang nag-ayos ng kanilang puwesto ang mga nasa tulay at ang mga nasa pampang ng ilog. Naglabas ng mga sagradong bagay na pinaniniwaalang magkakaroon ng pagbasbas sa pagdaan ng birhen. Sa may pampang at sa tulay, nakahilera ang mga pula at puting kandilang may sindi, paminsan-minsan, sa isang nagmamadaling sandali, maaninag ang kanilang mga liyab sa rabaw ng malabnaw na tubig ng ilog. Nakapuwesto ako noon sa isang bahagi ng tulay kung saan tila binigyan ako ng pagkakataong makita at marinig ang lahat sa aking paligid. Ilang minuto pa'y mas lalong lumakas ang hiyaw, iba't ibang tinig subalit tila iisa ang isinisigaw, *Viva La Virgen! Viva sa patrona kan Kabikolan!* Pagbubunyi sa birheng ina na napapalibutan pa rin ng mga boyadores at saserdotes sa kanyang pagodang hila-hila ng mga bangkeros. Kinakanta ang himno opisyal—ang Resuene Vibrante, sa Kastila ang koro samantalang ang mga berso ay sa Bikol. Lumakas nang lumakas ang hiyaw habang papalapit na ang birhen sa aming kinalalagyan. Sa pagdaan ng pagoda, isang pambihirang eksena ang kumintal sa aking alaala: Nakita ko na may mga batang inilublob ng mga matatanda sa ilog habang ang iba namang di-hamak na marunong nang lumangoy ay lumukso din sa tubig. Tila pagbibinyag, isang inisasyon upang kamtin muli ang identidad, sariwain ang kaakuhan, gunitain ang mga pangyayari katulad nito, ang pagbabalik na muli sa sinapupunan ng buhay—ang tubig. Ngayon ko nauunawan kung bakit kahit na marumi na rin ang agwa bendita sa mga simbahan, kahit na pinamumugaran na ito ng mga kiti-kiti ay nagagawa pa ring isawsaw ang

hintuturo at mag-antada, katulad ng kung paano nakikipagsapalaran ang buong katawan sa maruming tubig ng ilog kapalit ng ginhawa o lunas na inihahandog ng patrona.

Pagkatapos na makadaan ng pagoda, dahan-dahan naming tinahak kasabay ng marami pang daluyong ng tao ang daan patungong Basilika kung saan tuwinang ginaganap ang misang pamumunuan ng mga obispo ng Bikol. Patuloy ang paglakas ng mga sigaw ng pagbubunyi samantalang tila bumagsak ang mga bituin sa kalupaan sa dami ng mga kandilang nakapalibot sa harapan ng altar. Umaawit ang koro at nag-aamoy insenso ang paligid.

Matapos ang misa sa Basilika, bumalik uli kami sa aming dyip at bumiyahe pauwi ng Iriga. Tila hinihele ng buong kalangitan ang dyip namin, pinapatulog ang lahat sa loob—mga hapong peregrino.

Napakalinaw ng kadilimang bumabalot ng langit, walang mga bituin o ang buwan, na tila napakapanatag na mukha at wala ni kahit isang taghiyawat o butlig. Walang banta ng kahit anumang bagyo.

At kasundo namin ang mga matatanda, ang mga gurang na tulad din nami’y anak din sila ng Birhen. Ngunit alam kong may kaniya-kaniyang kuwentong nakalaang pag-uusapan sa mga darating na araw: mga alaala ng pagbisita sa Naga. May mga tiyak na nakurot dahil sa kakulitan ng ilang mga kababata kong pinsan. May isa pa ngang nakaapak ng tae ng aso. Ngunit nalinis naman kaagad ito bago pumasok sa arkiladong sasakyan.

May mga inaasahang sagot sa mga dasal marahil ang mga matatanda, mga lumang dasal na nangangailangan ng panibagong artikulasyon at kasagutan. At dahil ito ang piyesta ng mga bagsak-presyo, may mga bagong nabiling gamit ang ilang kapit-bahay namin habang may dalang mga kinulayang sisiw ang dalawa kong pinsan.

Samantalang ako naman ay ibinili ng Nanay ng isang larawan ni Ina, sa larawang ito nakasulat:

*“Siisay ini na nagbabanaag siring sa kaagahan?
Magayon siring sa bulan, maliwanag siring sa saldang
asin mangirhat siring sa hukbo na andam sa pakilaban?”*

*Sino siyang paparating na tulad ng buwang-liwayway?
Kasing ganda ng buwan, kasing liwanag ng araw
at tulad ng nakakapangilabot na hukbo na handa
sa anumang pakikidigma? (Salin sa Filipino)*

Tinangka kong basahin ang mga nakasulat at marahang sinalat ang larawan ng Peñafrancia, ni Ina, nagdasal yata ako noon, o ikinatuwa ang tunog ng mga salita, bago ko ito isinilid sa aking bulsang puno ng nananahimik na mga barya.